



DOH: Matuturukan ng COVID-19 vaccine na may side effect, sasagutin ng government



MANILA, Philippines — Inihayag kamakailan ng Department of Health (DOH) na sakaling magkaroon ng adverse effect o hindi magandang reaksiyon sa isang taong naturukan ng COVID-19 vaccine, sasagutin ng pamahalaan ang pagbabayad at pagpa-ospital nito.

Ayon kay Health Usec. Maria Rosario Vergeire, ito'y dahil walang sagutin ang mga manufacturer ng COVID-19 dahil sa kawalan ng indemnification agreement ng bansa bago pa ang ginawang procurement o pagbili at delivery ng mga COVID-19 vaccines.

Nais aniya ng mga manufacturer ng COVID-19 vaccines na walang mag-

sasampa sa kanila ng kaso dahil ang kanilang bakuna ay dini-develop pa lamang.

Una nang inamin ni Vaccine czar Secretary Carlito Galvez Jr. na kaya naantala ang pagdedeliber ng Pfizer COVID-19 vaccine sa bansa dahil sa kawalan pa ng indemnification law sa bansa.

Nanawagan si Galvez sa Kongreso na magpasa na ng indemnification law, na hinihingi ng COVAX, ang globally-pooled vaccine procurement and distribution effort, na katuwang ang World Health Organization (WHO), GAVI Alliance, at ang Coalition for Epidemic Preparedness Innovations. *Philstar.com*

Trump abswelto sa impeachment

Muling napawalang-sala si dating US President Donald Trump sa makasaysayang ikalawang impeachment trial na isinagawa ng US Senate.

Ito ay may kaugnayan sa nangyaring kaguluhan sa US Capitol noong buwan ng Enero. Sa resulta ng botohan ng mga US senators, nakakuha ng 43 ang "not guilty" habang 57 ang "guilty" sa article of impeachment na incitement of sedition.

Bagama't lamang ang guilty votes, kinapos ang mga ito na makuha ang supermajority o two-thirds ng mayorya ng Senado upang ma-convict si Trump.

Agad namang binanatan ni Senate Majority Leader Chuck Schumer ang

naging pasya ng Senado na i-acquit si Trump, na tinawag nitong "un-American" at insulto sa kanilang mga bayaning nag-alay ng buhay para sa Estados Unidos noong mga nakalipas na siglo.

Binatikos din nito ang 43 senador na bumoto para ipawalang-sala si Trump.

Ang ikalawang impeachment trial ni Trump ay tumagal lamang ng limang araw, na sinasabing pinakamaikli sa American presidential history.

Tila binasag din ni Trump ang dati nitong record noong 2020 kung saan tumagal lamang ng 21 araw ang pagding tungkol sa umano'y foreign interference sa halalan. (CNN/BBC/Bombo Radyo)

PRRD, aminado na hindi kayang magmapatampang laban sa China



MANILA -Aminado si Pangulong Rodrigo Duterte na hindi nito kayang maging matampang laban sa China. Ayon sa Pangulo, nais niya lamang iwasan ang kumprontasyon dahil hindi ito kakayanin ng bansa.

Wala naman binanggit ang Pangulo na anuman isyu na maaring magresulta sa kumprontasyon ng China at Pilipinas sa nasabing talumpati.

Pero kamakailan ay naghain ng diplomatic protest ang Pilipinas laban

sa China dahil sa bagong batas na nagpapahintulot sa coast guard nito na atakehin ang mga dayuhang barko na mapapadpad sa mga pinag-aagawang teritoryo.

Nababahala na rin si Defense Secretary Delfin Lorenzana sa mga bagay na pwedeng mangyari sa West Philippine Sea kung saan ay nakaposisyon ang mga barko ng China lalo na at naglalayag din doon ang mga barko ng Pilipinas. *BRIGADA NEWS*

World Class Realty Point Brokerage

AFFORDABLE HOMES
New Homes and Pre-Construction Condos

Search Here - Find Here

www.HOUSEPRICE.ca



Right Realtor Right Price



HousePrice.ca

Sam Surendran
Sales Representative

Dir: 647.350.0220

World Class Realty Point Brokerage

55 Lebovic Ave, #C115, Toronto, ON M1L 0H2. Tel: 416.444.7653

APPLE DENTAL HYGIENE CARE

We provide gentle and quality care services for a clean, healthy mouth.

New patients of all ages welcome!

FREE CONSULTATION

EVENING & SATURDAY HOURS AVAILABLE

SPEAKS TAGALOG

Call for an appointment at

416 - 571- 4847

2130 Lawrence Ave. East Ste. 104 Scarb. ON M1R 3A6

(inside Apple Denture & Implant Solutions)

Ayrine Diaz-Sutcliffe

(Independent Registered Dental Hygienist)



ALL REQUIRED SAFETY PRECAUTIONARY MEASURES FOR COVID-19 IMPLEMENTED
(please visit www.appledentalhealth.com)

GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™**
at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government**
to file and administer programs that can
relieve your serious debt problem and
give you a **'fresh start'**

- ▶ **Get Out of Debt**
- ▶ **Stop Collection Calls**
- ▶ **Stop Interest Charges**
- ▶ **One Low Monthly Payment**
- ▶ **Without Bankruptcy**
- ▶ **Without Loans**



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

 **DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ■ TORONTO ■ PICKERING / AJAX ■ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ■ BRAMPTON

IKALIMANG TAON NG “TAWAG NG TANGHALAN,” MAS MAHIGPIT ANG LABANAN ARAW-ARAW

PILIPINAS-Masmabibigatnahamon at mas maigting na kumpetisyon ang nag-aabang sa singers na labanan sa “Tawag ng Tanghalan” dahil sa bagong mechanics na susundin sa ikalimang taon ng kumpetisyon simula ngayong linggo sa “It’s Showtime.”

Kada Lunes, apat na contestants ang magtatagisan at ang dalawang makakakuha ng pinakamataas na scores mula sa mga hurado ang magmamay-ari sa dalawang “spotlight” at aabante sa susunod na araw. Tuluyan namang magpapaalam na sa kumpetisyon ang dalawang may pinakamababang scores.

Mula Martes hanggang Biyernes naman, dalawang panibagong kalahok ang papasok at maglalaban sa unang round. Ang contestant na may mas mataas na score sa kanilang dalawa ang uusad sa ikalawang round para hamunin ang dalawang spotlight holders sa isang three-way battle.

Matinding bakkaban din ang dapat na abangan tuwing Sabado dahil ang dalawang contestants na nagmamay-ari sa spotlight ang magtutunggali sa dalawang rounds para makuha ang mas mataas na hurado score at tanghaling weekly winner.

Kada araw naman, makakatanggap ng tig-P10,000 bilang premyo ang contestants na may pinakamataas na scores. Noong Lunes (Pebrero 8), sina Cherry Rose Amarin ng Cavite at Froilan Cedilla ng Laoag City ang mga unang nagmay-ari ng spotlight sa ikalimang season ng “Tawag ng Tanghalan.”

Samantala, pwede ring maging

hurado at manalo ng papremyo ang viewers sa kanilang mga bahay sa pamamagitan ng pagpo-post sa Twitter o Facebook ng comment gamit ang official hashtag of the day kasama ang pangalan ng “Tawag ng Tanghalan” contestant na sa tingin nila ay makakapasok sa top two. Isang maswerteng viewer naman ang pipiliin kada araw at magwawagi ng P5,000.

Panoorin ang “It’s Showtime” mula Lunes hanggang Sabado ng tanghali sa A2Z channel sa digital at analog TV. I-scan lang ang digital TV boxes para hanapin ang A2Z channel na mapapanood sa Metro Manila at ilang bahagi ng Cavite, Laguna, Quezon, Rizal, Bataan, Batangas, Bulacan, at Pampanga.

Patuloy din itong napapanood mula Lunes hanggang Sabado sa Kapamilya Channel sa cable at



satellite TV sa Kapamilya Channel (SKYchannel 8 sa SD at channel 167 sa HD, Cablelink channel 8, G Sat Direct TV channel 22, at karamihan ng cable operators na miyembro ng Philippine Cable and Telecommunications Association sa buong bansa), sa Kapamilya Online Live sa YouTube channel at Facebook

page ng ABS-CBN Entertainment, pati na rin sa iWantTFC app o iwanttfc.com. Mapapanood din ito sa labas ng Pilipinas sa The Filipino Channel.

Para sa updates, sundan ang @ [abscbnpr](https://www.facebook.com/abscbnpr) sa Facebook, Twitter, at Instagram o bisitahin ang www.abscbn.com/newsroom. **ABS CBN NEWS**

Bro. Eli Soriano ng ‘Ang Dating Daan’ yumao sa edad 73



Brother Eli Soriano
Ang Dating Daan (ADD) leader

PUMANAW na sa edad na 73 si Ang Dating Daan (ADD) leader Brother Eli Soriano.

Kinumpirma ito mismo sa social media pages ng kanyang radio and television program nitong Biyernes ng umaga.

Gayunman, hindi pa tinukoy ang naging dahilan ng pagpanaw nito.

“It is with deep sadness, yet with full faith in the Almighty, that we announce the passing of our beloved and one and only Bro. Eliseo ‘Eli’ Soriano — a faithful preacher, brother, father, and grandfather to many,” nakasaad sa Facebook Page ng “Ang Dating Daan.”

Kasabay nito, tiniyak naman ng

kanyang mga kasamahan sa publiko na sa kabila ng pagpanaw ni Bro. Eli ay ipagpapatuloy nila ang mga programa at proyektong nasimulan nito.

“While his temporary repose is a loss to many, we in the members Church of God International, Inc., would like to assure the public that the programs and projects initiated by Bro. Eli will continue,” dagdag pa nito.

Nabatid na si Soriano ay isang church minister noong ‘70s bago nagsimulang mag-host ng sarili niyang radio program noong 1980 hanggang sa magsimula na ring mag-broadcast sa telebisyon na napapanood sa may 73 bansa.

WE HAVE WORK!

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:

GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS

STEELES AVE

FINCH AVE

ALBION RD

TABER RD

REXDALE BLVD

KIPLING AVE

N

EXTRA PERSONNEL

Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959

We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada’s top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA

INDUSTRIAL PERSONNEL INC.

www.extraindustrialpersonnel.com

JOB

JOBS

JOBS

“Apply now, suffer later:” sabi ni Sen. Lacson sa problemang haharapin ng susunod na pangulo

PILIPINAS - Inisa-isa ng senador na si Panfilo Lacson ang mga posibleng kakaharapin problema ng susunod na pangulo ng Pilipinas na maihahalal ng taumbayan sa taong 2022. Tinawag niya itong **“Apply now, suffer later.”**

Sa kaniyang Twitter post, inilista ng senador na dating naging PNP chief ang mga posibleng maging sakit ng ulo ng susunod na pangulo ng bansa.

“The next President will deal with the following: bad economy, West Philippine Sea, COVID-19, Php12T (trillion) national debt, corruption, rugs, peace and order, 50% increase in IRA, 17.7% unemployment rate,

30.7% hunger rate, MUP Pension (P9.6T seed fund), low tax revenue. Apply now, suffer later,” saad niya.

Umani naman ito ng iba’t ibang reaksiyon at komento mula sa mga netizens.

“Now we identified the main issues that the next president must come up with the solution. Sir, who do you think the potential candidate for the president can or has the ability or political will to solve these very challenging problems?” tanong ng isa.

Turan naman ng isa, “Who do we think will qualify? He or she should be open for transparency and accountability by 2022 then.”

“Parang nagpapahiwatig itong senador na ito na



Senador Ping Lacson

tatakbo sa Eleksyon 2022. What do you think po? Inisa-isa na niya eh, so it means alam na niya ang mga problemang posibleng kaharapin,” banat

naman ng isa.

Wika naman ng isa, “Siguro next applicant for president may background sa negosyo o ekonomiya. Hindi ‘yung matapang lang sa kanto. Laki ng problema sa pera ng Pilipinas oh.”

2022 pa ang halalan sa pagka-pangulo dahil sa huling termino ni Pangulong Rodrigo Duterte, subalit may ilan nang mga lumulutang na pangalan na posibleng pumalit sa kaniya. Isa na rian ang mismong anak niyang si Davao City Mayor Sara Duterte-Carpio.

Sinabi na niya sa mga panayam na wala siyang balak tumakbo sa pagka-pangulo at sundan ang yapak ni Tatay Digong, at kahit mismong ama niya, hindi siya hinihikayat na maging pangulo. Lumabas pa nga ang kampanyang “Run Sara Run” kamakailan.

At syempre, nariyan din ang kasalukuyang Pangalawang Pangulo na si Leni Robredo na sinusuportahan naman ng marami, kaya nailunsad naman ang petisyong “I am Ready 4 Leni.”

Sino man ang mailuklok ng mga botante sa pinakamataas na katungkulan sa Pilipinas, iisa lamang ang tiyak: malaking hamon ang kakaharapin niya at hindi basta-basta! Kailangan ng matibay na dibdib, sikmura, dignidad at prinsipyo.

Source : Definitely Filipino



Davao City Mayor Sara Duterte-Carpio



Leni Robredo

Divisoria mall gigibain, 500 stall holders lipat Pritil market



MANILA - ILALAAAN ng lokal na pamahalaang lungsod ng Maynila ang pangalawang palapag ng Pritil Market para sa 500 manininda na nakapwesto sa Divisoria Public Market na nakatakdang gibain

ngayong taon.

Ayon kay Manila City Administrator Felixberto Espiritu, kapag natapos ang konstruksiyon sa ikalawang palapag ng Pritil Market ay maaari nang lumipat ang mga nasabing

vendor na magmumula sa Divisoria Public Market ng Divisoria Mall, ngunit dapat magsumite muna sila ng aplikasyon para sa kanilang ookupahing pwesto dito.

Bukod sa aplikasyon, sinabi din ni Espiritu na hindi mabibigyan ng pwesto sa Pritil Market ang mga manininda na hindi taga-Maynila.

Aniya, gigibain ang buong Divisoria Mall at itatayo ang isang 54-story commercial building kung saan mas malaki aniya ang kikitain ng pamahalaang lungsod mula sa buwis nito kumpara sa nirentahang pwesto ng mga manininda na P40 kada araw.

Hindi naman sang-ayon si Espiritu sa panawagan ng mga vendor sa Divisoria Market na pagbigyan silang makapwesto sa labas ng palengke habang ginagawa ang nasabing lugar dahil mismong si Mayor Isko Moreno Domagoso na ang nag-utos na linisin ang kalsada at mga kalye sa Maynila. *Police TONITE/PhilNews*

Digong kay Robredo sa isyu ng VFA: Wala ka sigurong alam!

Pagbubukas ng sinehan idinepensa ng Palasyo



Manila, Philippines – **“Wala ka sigurong alam!”** Ito ang buweltang tugon ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte makaraang ihalintulad ni Vice-President Leni Robredo sa pang-ingkil ang paghingi niya (Pangulong Duterte) ng bayad mula sa US para sa pagpapatuloy ng mga aktibidad sa ilalim ng Visiting Forces Agreement (VFA).

Sinabi kasi ni Robredo na parang gawain lamang ito ng isang kriminal. Ibinunyag ni Pangulong Duterte na unti-unti nang pinalalakas ng Amerika ang base nito sa Subic.

Iginiit niya bilang mensahe kay Robredo na maraming armas na ang nakalagay sa Pilipinas ang Amerika at unti-unti nang naco-convert ang Subic sa isang American base.

“Alam mo ba ma’am, as president do you know there are so many depot, maraming armas dito na nakalagay sa Pilipinas ang Amerika. Do you know they are slowly converting Subic into an American base,” ayon sa Pangulo sa kanyang public address, kamakailan *“Wala ka sigurong alam. These are things knows to us because I have reports and assessment given to me by the AFP (Armed Forces of the Philippines).*

Ang unang tatamaan kung nagkagera ang Amerkano sa Pilipinas, alam mo, the meltdown will start in Palawan, it’s the province facing Spratly,” anito.

Ayon pa sa Pangulo, *“In worst case scenario, kung may isang gago dyan na magpapatok ng rocket gulo na yan, and the Philippines will be drawn into the vortex of the conflict that is called war.”*

Ipinamukha nito kay Robredo na nakasaad sa 1987 Constitution *“provides that foreign relations or foreign policy is vested on the president alone.”*

“She’s (Robredo) a lawyer and she forgets that the Constitution says that is my function, it is not their function at kung ano ang gusto kong sabihin para sa bayan may purpose ‘yan,” anito.

Aniya pa, bumili ng armas ang Pilipinas sa Estados Unidos kung saa bumilang naman ng maraming taon bago naideliver sa bansa ang nasa-bing nabiling armas.

Bukod dito, tinanggihan ng US Congress ang kahilingan ng Pilipinas na bumili ito ng mga helicopter.

“Tayo malapit sa China, the theater of war. Kung mag-umpisa man (ang gera) is dito sa (South) China Sea. Pinipilit natin na Amerkano, tayo, we should be provided with the arms and armaments



MANILA - Ipinagtanggol ng Palasyo ang desisyon ng Inter-agency Task Force (IATF) sa pagbubukas muli ng sinehan at iba pang negosyo sa bansa.

Sinabi ni Presidential spokesman Harry Roque, nauunawaan niya ang nasabing desisyon dahil talagang pinag-iisipan na rin ng Pangulo kung paano makakabangon ang ekonomiya.

Idinagdag pa niya na posible ang pagbangon ng ekonomiya ng bansa kahit na may pandemya dahil alam na ng mga Filipino kung papaano nito poprotektahan ang sarili.

Ayon kay presidential spokesperson Harry Roque na dahil ito sa paghupa ng attack rate ng COVID-19 at paglu-

wag ng ng mga ospital sa COVID-19 patients.

Kabilang sa mga industriyang binuksan ang:

- **driving schools**
- **mga sinehan o traditional cinemas**
- **video & interactive game arcades**
- **libraries, archives, museums at cultural centers**
- **meetings, conferences and exhi-bitions; at limitadong social events at accredited establishments ng Department of Tourism**

“Yung mga nabuksan nating industriya marami pong nagtatrabaho dyan na matagal nang walang hanapbuhay, ngayon po makapaghanapbuhay na sila muli,” ayon kay Sec. Roque. *RNT (Pilipino Star Ngayon)*

that would at least place us on equal footing with those in war with us. Iyong Amerkano, wala namang binibigay,” paliwanag ng Pangulo.

“I have talked with some Americans, sabi nila yung war games, it’s coming in May. Ang mga Amerkano, nagdala ng armas, mag-display sila, tinuturuan nila ang Pilipino pa’no gumamit during war games and then after that they go home and bring back their equipment – iyan ang lamentations ng Pilipino, yan ang hindi alam ni Robredo,” dagdag na pahayag ng Punong Ehekutibo.

Sinabi ng Pangulo na walang alam ang bise presidente sa mga nangyari, dahil ang mga nabanggit niya ay galing sa mga ulat at assessment ng Armed Forces of the Philippines.

“Pagkaalam ni Robredo, nothing’s wrong with America and the Philippines. Ikaw ma’am, I’m sorry to say you are not really qualified to run for president, you do not know your role in this government,” ayon sa Pangulo.

Dahil dito, kumbinsio si Pangulong Duterte a na walang kakayahan si Robredo na maging isang Pangulo base sa mga nasabi nitong komento tungkol sa VFA. *Kris Jose/REMATE*



Sebang Travel

KC TOURS

since 1983



TICO 2068276R IATA 67-697055

At Sebang Travel

We have the knowledge and experience to handle all your travel needs.

Special Fares

Philippines and Other Asian Countries

Low Fares

U.S.A/ Europe Vacation Package/ Cruise/ Pilgrimage Tours/ Hotels/ Car Rentals/ Travel Insurance

Fares

First Time Immigrants/ Contract Workers and Tourists

Free Enrollment

Most Airline Mileage Program

Call us

TEL: 416.588.3333

TOLL FREE: 1.866.705.4340

travel@sebang.ca facebook.com/sebangtravel

Christie St

Christie Stn

Bloor St

Bathurst St



TORONTO HEAD OFFICE

Tel: (416) 588-3333

Email: travel@sebang.ca

721 Bloor St W #102

Toronto ON M6G 1L5

TICO 2068276R

NORTHYORK

Tel 416 250 8990

5418 Yonge St #17 NorthYork ON

TICO 4334777R

MISSISSAUGA

Tel 905 366 0040

333 Dundas St E #208 Mississauga ON

TICO 50017693R

THORNHILL

Tel 905 597 5880

Toll Free 1 844 597 5880

7388 Yonge St #2C Thornhill ON

TICO 50021920

VANCOUVER

Tel 604 420 1996

327C-4501 North Rd Burnaby BC

TICO 58323



JOKES OnLEE

Why did the kid throw his clock out the window?

Because he wanted to see time fly.

Which bird has the worst manners? *Mocking birds.*

What do you get from a pampered cow?
Spoiled milk.

I can't take my dog to the park because the ducks keep trying to bite him.

I guess that's what I get for buying a pure bread dog.

What did the big flower say to the little flower?

Hi, bud!

How does NASA organize a party?

They planet.

How many tickles does it take to get an octopus to laugh?

Ten tickles.

What's the difference between a poorly dressed man on a unicycle and a well-dressed man on a bicycle?

Attire

Why were they called the Dark Ages?

Because there were lots of knights.

Two goldfish are in a tank.

One looks at the other and says, "You know how to drive this thing?!"

Why aren't koalas actual bears?

The don't meet the koalafications.

What did one toilet say to the other?

You look flushed.

Why are fish so smart?

Because they live in schools!

Is this pool safe for diving?

It deep ends.

Mga disabled dogs sa Thailand kinabitan ng mobility aids sa kanilang mga paa



Naghatid ng pag-asa sa mga disabled dogs ang isang NGO sa Thailand. Kinabitan ng mobilitay aids na parang wheelchair ang mga paa ng mga aso upang muli silang makatakbo

Binigyan ng pagkakataon ang ilang mga disabled dogs sa Thailand na muling makatakbo sa pamamagitan ng pagkakabit ng mobility aids na

maihahalintulad sa isang wheelchair, sa kanilang mga panlikod na paa.

Sa pamamagitan ng foundation na "The Man That Rescues Dogs, isang non-government organization na nagsasagawa ng rescue at nag-aalaga sa mga stray dogs, marami sa mga aso na naging biktima ng aksidente ang binigyan ng mobility aids upang muling makatakbo at makapamuhay nang parang normal na mga aso, na naglalaro sa malawak na kalupaan.

Ang suliraning kinahaharap ngayon ng foundation ay kakulangan ng pondo dulot na rin ng pandemya. Dahil kulang ang mga bisita, bumaba rin ang nakukuhang donasyon ng foundation na makatutulong sana sa mga aso.

"I hope we also have dog rescuers here in the Philippines, or kung may-roon man, sana mas masigasig," sabi ng isa.

Saad naman ng isa, "The best news I read so far. The best picture also. Nakagagaan ng kalooban after all the negative news we hear every day."

"They look so happy. Thank you to the people who provided them with these and for giving them a chance to run again. I hope these doggies gain more support for their maintenance and improvement," pasasalamat naman ng isa. *Source: Facebook*

Pinoy nanalo ng "largest jackpot prize" sa kasaysayan ng Canada lottery

WINNIPEG – Pamilyang Pilipino ang nanalo ng largest lottery jackpot prize sa naging kasaysayan ng Canada lottery noong Martes, Pebrero 2, 2021 na nagkakahalagang 60 million Canadian dollars, o may katumbas na 2.2 billion pesos sa Pilipinas. Sana all talaga, 'di ba?

Inihayag ng Western Canada Lottery Corporation (WCLC) na ang nakasungkit ng winning combination numbers ay si John Chua, at kasama niyang tumanggap nito ang misis na si Jhoana Chua, inang si Angie Chua at tiyuhing si Ben Lagman, sa Winnipeg, Manitoba, na isa sa mga lalawigan ng Canada.

Salaysay niya, bumili siya ng ticket sa pamamagitan ng online. Kinabukasan, nang ihayag na ang mga numero sa winning ticket, laking-gulat niya nang tumama ang mga numerong tinayaan niya.

Hindi makapaniwa ang buong pamilya Chua; akala pa nga ng inang si Angie ay nagbibiro lamang ang kaniyang anak. Palabiro daw kasi talaga ang kaniyang anak.

"He always plays jokes – he's a joker, so I didn't believe it," Angie recalled her son telling her their family was about to be multi-millionaires" saad ni Angie.

Hindi pa raw tiyak ng pamilya kung ano ang gagawin sa nap-



Nanalo ng pinakamalaking lottery jackpot prize sa Canada ang isang Pilipino Nagkakahalaga ito ng CAD\$60 million na may katumbas na Php2.2 billion

analunang pera, subalit nangako si John na magiging wais sa paggastos dito, lalo na't madalang pa sa patak ng ulan ng Mayo ang mga ganitong pagkakataon at senaryo.

"Wow! Iyan ang tunay na sana all! Baka naman po! Sana naman manalo ako sa lotto kagaya nila. Kaya lang, di naman ako tumataya hahaha, nanghihinayang kasi ako kapag natalo," saad ng isa.

Turan naman ng isa, "Lababas na naman ang mga biglaang kamag-anak ng mga Chua at may sari-sariling kuwento ng nakaraan hahaha."

"Sa Canada, ang lottery winner ay ipinakikita ang mukha ng nanalo. Sa Pilipinas, ang lottery winner ay itinatago naman

ang mukha. Bakit kaya ganun?" takang tanong naman ng isa.

Congratulations, Chua family! Spend your money wisely!

Samantala, panoorin ang panayam sa kanila ng "Filipinos in Canada" via YouTube Channel:


Source: Definitely Filipino/ You Tube Channel



KAALAMAN

"I believe a knowledge of the Bible without a college course is more valuable than a college course without a Bible."

- William Lyon Phelps (famous educator in USA)



Tinipong ULat ni RollyCab talibalita@rogers.com

Imbitasyon sa Lahat

Marso 27,
2021 petsa
ng **Taunang
Pag-alaala sa
Kamatayan ni
Jesu-Kristo**
ng mga Saksi ni
Jehovah sa buong
mundo ay gagana-
pin by Online Video
depende sa lugar
nyo. Bisitahin ang
www.jw.org

Armaggedon

Tinipon sila ng mga ito sa . . . **Armagedon**. —Apoc. 16:16.

Sinasabi ng ilan na ang **“Armagedon”** ay isang digmaang nuklear o pagkagunaw ng mundo.

Pero sinasabi ng Bibliya na ang Armagedon ay isang magandang balita na dapat panabikan! Sabi ng Bibliya: **“Maligaya ang bumabasa nang malakas at ang mga nakikinig sa mga salita ng hulang ito at tumutupad sa mga nakasulat dito, dahil ang takdang panahon ay malapit na.** (Apoc. 1:3)

Hindipupuksain ng digmaang ito ang sangkatauhan, kundi ililigtas pa nga!

Paano? Tatapusin nito ang pamamahalang tao. Pupuksain nito ang masasama at iingatan ang mga matuwid. At ililigtas nito ang ating planeta mula sa lubusang pagkasira. (Apoc. 11:18)

Ang salitang “Armagedon” ay isang beses lang lumitaw sa Kasulatan, at galing ito sa salitang Hebreo na nangangahulugang “Bundok ng Megido.” (Apoc. 16:16; tlb.)

Ang Megido ay isang lunsod noon sa Israel. (Jos. 17:11)

Pero ang Armagedon ay hindi tumutukoy sa isang literal na lugar. Partikular itong tumutukoy sa kalagayan kapag nagtipon na ang “mga hari ng buong lupa” laban kay Jehova.—Apoc. 16:14.



Bayanihan para kay Lola Minerva sa gitna ng pandemya



Unang nakilala ng grupong KOBIDolls20 si Lola Minerva Borgonia, nang sila ay mamigay ng relief goods sa mga senior citizen sa Barangay Concepcion Sur, Santa Maria, Romblon. Nakahiga ito sa kanyang sa kanyang masikip na 'papag' sa loob ng bahay na gawa sa pinagtagpi-tagpi na kahoy, at mga plastic. (Larawan ni Ruel Visca)

Sa kabila ng kinakaharap na problema ng bansa dahil sa coronavirus disease 2019, lumalabas parin ang mga magagandang katangian ng mga Pilipino katulad ng pagtutulungan o ang madalas tawagin nilang Bayanihan.

Ito ang pinakita ng grupong KOBIDolls20 na binuo ni Ruel Visca at ng kanyang mga kaibigan mula sa Santa Maria, Romblon.

Kasama ang kanyang mga kaibigan, nagambag-ambag sila para mapaayos ang sirang sirang bahay ni Lola Minerva Borgonia, residente ng Barangay Concepcion Sur sa nabanggit na bayan.

Kwento ni Ruel, nakita nila

ang sitwasyon ni Lola Minerva nang sila ay mamahagi ng mga foodpacks sa mga senior citizen sa kanilang barangay. Nakahiga ito sa kanyang masikip na 'papag' sa loob ng bahay na gawa sa pinagtagpi-tagpi na kahoy at mga plastic.

Mahina na si Lola at minsan na lang nakakapaglakad dahil sa nararamdaman sa kanyang binti at umaasa na lang sa kanyang mga kapatid na nagdadala sa kanya ng pangkain at nag-iigib ng tubig para sa kanyang munting tahanan.

"Dahil sa sitwasyon ni Lola, naisip ko po na mag-ipon ng pera para mapagawa namin 'yung bahay niya. Naging positibo naman ang tugon ng tao at nakaipon kami ng halos P20,000 na ipinambili namin ng gamit katulad ng plywood, kahoy, yero, at pintura," kwento ni Ruel.

Nitong Araw ng mga Manggagawa, pormal ng ibinigay ng KOBIDolls20 ang simple ngunit magandang bahay ni Lola Minerva.

Ang tagpi-tagping bahay ni Lola Minerva ay pinaayos



at pinaganda ng grupong KOBIDolls20. (Larawan ni Ruel Visca)

"Hindi talaga namin inaasahan ang lahat sir, pero 'yun nga po naging maganda po ang resulta ng ginawa po namin," kwento pa ni Ruel.

Masaya namang tinanggap ni Lola Minerva ang bago niyang bahay, gayun rin ang dagdag grocery at gamit na binili ng grupo nina Ruel katulad ng vitamins, electric fan, at iba pa.

Masaya si Lola Minerva sa natanggap nitong tulong, aniya, masarap na ang kanyang pagkakatulog tuwing gabi dahil sa kumportableng tulugan. (Larawan ni Ruel Visca)

"Salamat po talaga sa mga tumulong sa akin, mahimbing na ang tulog ko at halos tanghali na akong nagigising dahil hindi ko na problema ang bahay, lalo na ngayong nagsisimula nang umulan. Hindi ko na kailangan magkumot ng

plastic at mamroblema sa tumutulo kong bubong," pahayag ni Lola Minerva.

Maliban sa bagong bahay at bagong mga gamit, libre na ring papatingnan sa ospital ang kalagayan ni Lola matapos may sumagot sa kanyang gastusin.

Paalala ni Ruel sa mga katulad niya na gusto pang tumulong sa iba, "ang pagiging bukas palad natin sa mga mahihirap at nangangailangan ay halos pagbibigay na rin natin ng isang milyong pagkakataon sa kanila na mabago ang kanilang buhay. Ang bawat magandang kwento na ating nasasaksihan sa mundo ay bunga ng mga desisyon natin na magmahal, kumalinga at tumulong sa iba." (PJF/PIA-Mimaropa)

Contact Information
Philippine Information Agency Bldg.
Visayas Avenue
Vasra, Quezon City
1128 Metro Manila Philippines
Phone +63 2 8920 1224
Email info@pia.gov.ph



ads@

TALIBA

it works!

www.talibaNews.com

647-287-1870

Email: talibalita@rogers.com

Ang Kamangha-manghang Likas na Talino

